

AUDIO-RECORDED NG MASINING NA PAGSASALAYSAY NG ILANG PILING TAGPO NG NOLI ME TANGERE AT KASANAYAN SA PAGSULAT NG REFLECTIVE JOURNAL

MYRA A. BARCELLANO1
DR. IMELDA G. CARADA2
16-fs-fil-176@lspu.edu.ph1
Imelda.carada@lspu.edu.ph2
0000-0002-3457-89221
0000-0003-3843-26532

Laguna State Polytechnic University Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa audio-recorded ng masining na pagsasalaysay ng ilang piling tagpo ng Noli Me Tangere sa kasanayan sa pagsulat ng reflective journal ng mga mag-aaral. Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan: Una, ano ang pananaw ng mga tagasagot sa audio-recorded ng masining na pagsasalaysay ng ilang piling tagpo ng Noli Me Tangere batay sa nilalaman estilo, organisasyon, kalidad ng audio? Ikalawa, ano ang kasanayan ng mga tagasagot sa pagsulat ng reflective journal batay sa nilalaman, organisasyon ng mga ideya, mekanismo sa pagsulat, paggamit ng malaki at maliit na titik, paggamit ng bantas, paghahati ng salita at wastong gamit ng mga kataga o salita? At ikatlo, may makabuluhang kaugnayan ba ang pagsasa-radyo sa ilang mahahalagang tagpo ng Noli Me Tangere sa kasanayan sa pagsulat ng reflective journal ng mga mag-aaral? Ang mga tagatugon ng pag-aaral ay ang limampung (50) mag-aaral ng ikasiyam na baitang ng Sta. Catalina National High School. Ginamit ang talatanungan upang matukoy ang pananaw ng mga mag-aaral sa audio-recorded ng masining na pagsasalaysay ng ilang piling tagpo ng Noli Me Tangere samantalang gumamit naman ng pamantayan upang mataya ang kasanayan sa pagsulat ng reflective journal ng mga mag-aaral. Ang audio-recorded ng masining na pagsasalaysay ng ilang piling tagpo ng Noli Me Tangere, pagpapasagot sa talatanungan, at pagpapasulat ng reflective journal sa mga mag-aaral ay isinagawa noong buwan ng Abril 2021. Pagkatapos makuha ang mga datos tungkol sa pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng Mean at Standard Deviation para sa pagsusuri at interpretasyon, gayundin ang Pearson r para sa pagtukoy ng ugnayan ng mga baryabol. Lubos na sumasang-ayon ang mga tagasagot hinggil audio-recorded ng masining na pagsasalaysay ng ilang piling tagpo ng Noli Me Tangere batay sa nilalaman, estilo, organisasyon at kalidad ng audio. Nasa Napakahusay na lebel ng kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng reflective journal batay sa nilalaman, organisasyon ng mga ideya, mekanismo ng pagsulat, pagbaybay/ispeling, paggamit ng malaki at maliit na titik, paggamit ng bantas, pahahati ng salita at wastong gamit ng kataga o salita. Walang makabuluhang ugnayan ang Audio-recorded ng masining na pagsasalaysay ng ilang piling tagpo ng Noli Me Tangere batay sa Nilalaman, Estilo, Organisasyon at Kalidad ng Audio sa kasanayan sa pagsulat ng reflective journal batay sa nilalaman, organisasyon ng mga ideya, mekanismo ng pagsulat, pagbaybay/ispeling, paggamit ng malaki at maliit na titik, paggamit ng bantas, pahahati ng salita at wastong gamit ng kataga o salita. Batay sa sa naging resulta ng pag-aaral, walang makabuluhang kaugnayan ang audio-recorded ng



masining na pagsasalaysay ng ilang piling tagpo ng Noli Me Tangere sa kasanayan sa pagsulat ng reflective journal ng mga mag-aaral.

Keywords: mode of learning, transactional distance learning, modular distance learning, online survey, online interview